Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
BAYAN NG SANTA CRUZ

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NOONG AGOSTO 7, 2006, ARAW NG LUNES, SA GANAP NA IKA-9:20 NG UMAGA.

DUMALO:

| | |
|---|---|
| KGG. ARIEL T. MAGCALAS . . . . . . . . . . . . . . | PANG. PUNONG BAYAN |
| Kgg. Alden A. Sulit . . . . . . . . . . . . . . | Kagawad – Liga ng mga Barangay Gumanap na Tagapangulo |
| Kgg. Narciso A. Cayos . . . . . . . . . . . . . . | Kagawad |
| Kgg. Jun M. Asinas . . . . . . . . . . . . . . | Kagawad |
| Kgg. Roselon F. Pamatmat . . . . . . . . . . . . . . | Kagawad |
| Kgg. Alan T. Pamatmat . . . . . . . . . . . . . . | Kagawad |
| Kgg. Virgilio T. Ciriaco . . . . . . . . . . . . . . | Kagawad |
| Kgg. Angelito U. Limjuco . . . . . . . . . . . . . . | Kagawad |
| Kgg. Serafin C. San Juan, Jr. . . . . . . . . . . . . . . | Kagawad |
| Kgg. Mike Jomel M. Ombico . . . . . . . . . . . . . . | Kagawad – SK |

DI-DUMALO

| | |
|---|---|
| Kgg. Bryan R. Lateo . . . . . . . . . . . . . . | Kagawad |

## KAPASIYAHAN BLG. 108-T'06

KAPASIYAHANG HINIHILING SA KGG. PUNONG LALAWIGAN TERESITA S. LAZARO NA TULUYANG IPAGKALOOB AT MAPATALAGA NA SI G. MARLON TOBIAS, GUMAGANAP NA PANLALAWIGANG AGRIKULTOR, SA NASABING POSISYON.

SAPAGKA'T, may kahilingan si G. Marlon Tobias, Gumaganap na Panlalawigang Agrikultor, na matulungan siya ng sangguniang ito na ipaabot sa inyong mabuting tanggapan na tuluyan nang maipagkaloob at mapatalaga siya sa nasabing posisyon;

SAPAGKA'T, malaking bahagi ng programa sa pagsasaka ang kanyang inilaan sa bayang ito sa taong ito na humigit-kumulang sa P1,000,000.00 para sa pag-aalaga at pagpaparami ng 10 kalabaw, dalawang yunit ng patuyuan ng palay, mga punla at binhi at mga halamang lanzones at rambutan;

SAPAGKA'T, nagiging tagapag-ugnay siya ng bayang ito bilang kapital na bayan ng lalawigang ito sa pagbabahagi ng teknikal na kaalaman sa larangan ng pagsasaka;

SAPAGKA'T, naging bahagi rin siya sa pagsasagawa ng mga programa sa bayang ito sa pagsasabog at pagkakaloob ng mga "fingerlings" sa ilog ng Sta. Cruz, pagsasaliksik at pag-aaral sa pagtatanim ng palay sa Brgy. Oogong at nag-uukol ng panahon sa pamamahagi ng bigas sa mga mahihirap na mamamayan ng bayang ito;

SAPAGKA'T, masipag at mapagkakatiwalaan siya sa pagtupad sa mga tungkuling nakaatang sa kanya at madaling-tawagin sa paglutas at pagtugon sa mga suliraning humahadlang sa maayos na pagsasagawa ng mga programang nakatalaga sa kanyang tanggapan;

SAPAGKA'T, isa siyang halimbawa ng isang lingkod-bayan na kayang ipagmalaki at tularan ng lalawigang ito sa pagbabahagi sa alinmang bayang ang hanap ay pag-unlad.

KUNG KAYA'T, DAHIL DITO, sa mungkahi ng Kgg. Kag. Serafin C. San Juan, Jr. na pinangalawahan ng mga Kgg. Kag. Roselon F. Pamatmat at Alan T. Pamatmat at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

PINAGPASIYAHAN: Na hilingin sa Kgg. Punong Lalawigan Teresita S. Lazaro na tuluyang ipagkaloob at mapatalaga na si G. Marlon Tobias, Gumaganap na Panlalawigang Agrikultor, sa nasabing posisyon.

INIUUTOS: Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Punong Lalawigan Teresita S. Lazaro, Kgg. Sangguniang Panlalawigan, Kgg. Punong Bayan at G. Marlon Tobias, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

PINAGTITIBAY.

PINATUTUNAYAN kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

Jeanette P. Alfonso
JEANETTE P. ALFONSO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATOTOO:

KGG. ALDEN A. SULIT
Kagawad – Liga ng mga Barangay
Gumanap na Tagapangulo

PINAGTIBAY:

KGG. INHR. DOMINGO G. PANGANIBAN
Punong Bayan